

**Tandaan: Ang pagsisiyasat na ito ay para lamang sa wikang Ingles.
Ang mga pahintulot at mga kautusan ay isinalin para sa karagdagang tulong lamang.**

**Please note: The survey is only available in English.
The consent form and key instructions are translated to provide additional assistance only.**

**Pamantasan ng Hawai'i
Pahintulot upang Lumahok sa Araling Pagsasaliksik
Jennifer Solidum Rose, Punong Mananaliksik**

Titulo ng Pag-aaral: Isang pagsisiyasat tungkol sa seksuwal na panliligalig o karahasan sa basehan ng kasarian sa Pamantasan ng Hawai'i.

Ang Pamantasan ng Hawai'i ay inaanyayahan kayong lumahok sa isang araling-pagsisiyasat tungkol sa estado ng kapaligiran ng kampus, lalo na sa sitwasyon ng seksuwal na panliligalig at karahasan sa basehan ng kasarian. Ang Tanggapan ng Pangulo kabahagi ang Office of Institutional Equity (OIE) ang may panukala sa pagsisiyasat. Ang UH ay gumawa ng kasunduan sa OmniTrak Group, Inc., isang kumpanyang naka-base sa Honolulu, Hawai'i na malayang nagsasagawa ng mga pananaliksik sa kabuuan ng mga mag-aaral mula edad-18 pataas.

Anu-anong ang aking mga gawain?

Ang iyong paglahok ay boluntaryo lamang. Maaari kang tumigil sa kahit ano mang oras. Kung piliin mong tumigil sa paglahok, walang multa ito sa iyo. Bukod pa rito, kung piliin mong makilahok, maaaring hindi sagutin ang mga katanungang maselan, at maaari mong itigil ang pagsisiyasat. Kung ikaw ay sumasang-ayon sa proyektong ito, ikaw ay bibigyan ng panahon na sagutin ang "on-line survey". Kabilang sa pagsisiyasat ang iba't ibang bahagi na nagtatanong sa iyong mga pananaw at panig tungkol sa estado ng kapaligiran ng kampus, maselan na pag-uugaling seksuwal at mga dulugan na maaaring gamitin sa UH.

Bakit ginagawa ang araling ito?

Layunin ng proyektong ito na suriin ang klima at estado ng kapaligiran ng UH kampus hinggil sa karahasang seksuwal at karahasan sa basehan ng kasarian. Kayo ay inaanyayahang lumahok sapagkat mga estudyante ng UH.

Ano ang mangyayari kung piliin mong makilahok sa pagsisiyasat?

Maaaring matapos ang pagsisiyasat na ito sa loob ng humigit-kumulang 20-minutos. Habang aabot naman sa loob ng humigit-kumulang 30-minutos para sa ilan. Maaaring ihinto ang pagsisiyasat at maaari ring ipagpatuloy ito. Kusang ma-iimbak ang inyong mga kasagutan. Maaaring balikan ang pagsisiyasat sa ibang araw, kinakailangan lamang na i-klik ang "survey link" na kalakip sa e-mail na ito at maaari ring makita ang iba pang mga paalala.

Anu-ano ang mga benepisyo at peligro kung ikaw ay sumali sa pagsisiyasat?

Sa aking palagay, hindi kayo malalagay sa kapahamakan habang nakikilahok sa pagsisiyasat na ito. Maaari kang ma-stres o hind imaging komportable habang sinasagutan ang mga katanungan. Kung ikaw man ay ma-stres o hindi na komportable sa mga katangungan, maaari ninyong laktawan ito at kumuha ng maikling pahinga. Maaari mo ring itigil ang pagkuha ng pagsisiyasat at bawiin ang iyong pahintulot na gawin ang surbey.

BABALA: Kalakip ng pagsisiyasat na ito ang mga tanong tungkol sa mga personal na karanasan sa mga sitwasyon katulad ng maselan na pag-uugaling seksuwal, panghahalay at iba pang anyo ng karahasan sa basehan ng kasarian. Mayroong mga tanong na gumagamit ng wikang maselan na maaaring magpasama ng loob o makagalit, datapwat kinakailangang tanungin ang mga ito upang mahikayat ang wastong pagsagot. Kung kayo ay nangangailangan ng karagdagang tulong, maaaring pumunta sa <http://www.hawaii.edu/titleix/confidential/> upang iugnay ang inyong mga kuro-kuro.

Hindi kayo magkakaroon ng direktong benepisyo sa pagsali sa proyekto. Gagamitin ang kakalabasan ng pagsisiyasat sa pagsulong ng mga patakarang hihimuk sa isang ligtas, magalang at laban sa 'di-matuwid na pakikitungo sa kapwa sa kapaligiran ng UH. Maaaring maging 'di komportable o mabalisa ang inyong damdamin habang tinatapos ang pagsisiyasat na ito lalo sa mga nakaranas ng karahasang seksuwal.

Pagiging Kumpidensiyal at Pribado:

Aming binibigyang halaga ang inyong pagiging kumpidensiyal. Hindi namin kokolektahin ang inyong pribadong impormasyon katulad ng inyong pangalan o "IP address". Ang mga impormasyong ito tulad ng datos ay nakatago sa isang protektadong kompyuter na kinakailangan ng seguridad ng password. Ang inyong email ay gagamitin lamang upang ipamahagi ang pagsisiyasat, makatapos ay papadalhan ng pasasalamat ang mga unang nakatapos ng pagsisiyasat. May mga iba't ibang ahensiya na may legal na permiso na rebuyihin ang mga datos sa pagsisiyasat. Ang Programa ng Pag-aaral Pantao sa Unibersidad ng Hawaii ay may saklaw sa pagrepaso ng mga datos sa pagsisiyasat.

Pagsasamahin ang mga resulta ng pagsisiyasat upang 'di-makilala ang mga kumuha nito. Hindi susuriin o iuulat ang mga pangkat na may bilang 15 pababa nang sa gayon ay mabawasan ang pag-aalang-alang sa resulta ng mga pare-parehong kasagutan ng mga maliliit na grupo. Subalit, kung malaman namin na may mga isyu tungkol sa pang-aabuso sa mga kabataan o pananakit sa sarili o sa ibang tao, inaatasan kami na iulat ito sa mga awtoridad.

Kabayaran:

Sa loob ng limang linggo na maaaring lumahok sa pagsisiyasat na ito, ang mga mag-aaral ay makatanggap ng "gift card" sa kanilang mga email mula sa OmniTrak sa maagang pagpasa ng mga kasagutan. Upang makakuha ng kabayaran, kinakailangang ibigay ang inyong e-mayl. Gayunpaman, 'di kailanman maiuugnay ang inyong mga kasagutan sa pagsisiyasat ang inyong e-mayl o anumang pribadong impormasyon na inyong ibinahagi ('Di-kailanman malalaman ng UH ang mga email ng mga lumahok sa pagsisiyasat.)

Mula ika-26 hanggang ika-29 ng Enero – ang unang 100 na lumahok ay makatanggap ng \$10 (dolyar); ang susunod na 75 ay makatanggap ng \$5

Mula ika-1 hanggang ika-5 ng Pebrero - ang unang 50 na lumahok ay makatanggap ng \$10 (dolyar); ang susunod na 50 ay makatanggap ng \$5

Mula ika-8 hanggang ika-12 ng Pebrero - ang unang 25 na lumahok ay makatanggap ng \$10 (dolyar); ang susunod na 20 ay makatanggap ng \$5

Mula ika-15 hanggang ika-19 ng Pebrero - ang unang 25 na lumahok ay makatanggap ng \$10 (dolyar); ang susunod na 20 ay makatanggap ng \$5

Mula ika-22 hanggang ika-26 ng Pebrero - ang unang 25 na lumahok ay makatanggap ng \$10 (dolyar); ang susunod na 20 ay makatanggap ng \$5

Mga darating pang pagsisiyasat:

Ang mga resulta ng pagsisiyasat, na walang personal na kaalama, ay gagamitin sa mga darating pang pagsisiyasat o maaaring ipamahagi sa iba pang mananaliksik sapagkat ito ay pagsisiyasat sa may kuntinwasyon. 'Di na kinakailangang humigi pa ng pahintulot sa inyo.

Mga Kuro-kuro:

Kung kayo ay mayroong mga katanungan tungkol sa layunin ng pag-aaral na ito, maaari ninyong tawagan ang Office of Institutional Equity sa (808) 956-8711, email: institutional.equity@hawaii.edu. Kung kayo naman ay may katanungan tungkol sa pagsasagawa ng pagsisiyasat o ibig humingi ng kopya ng pagsisiyasat, maaaring tawagan ang OmniTrak Hotline sa (808) 536-4050 ext. 591. Maaari ninyong tawagan ang UH Human Studies Program sa (808) 956-5007 o email uhirb@hawaii.edu upang makipag-ugnayan, sagutin ang mga kuro-kuro, kumuha ng iba pang impormasyon o magbigay ng pansariling opinion sa isang dedikadong indibidwal na may kaalaman sa protokol ng pananaliksik. Maaaring bisitahin ang website <http://go.hawaii.edu/jRd> kung kayo ay may katanungan tungkol sa inyong mga karapatan at kapakanan bilang kalahok ng pananaliksik.

Pagsali sa Pagsisiyasat:

Pagpinili ninyo ang "Oo", boluntaryong pumapayag kayo na sumali sa pananaliksik at kayo ay iuugnay sa aktwal na pahina ng pagsisiyasat.

Kumpidensyal na Katibayan (Coc):

Mayroon kaming patunay na kasulatan o Certificate of Confidentiality (CoC) mula sa National Institutes of Health (NIH). Pinapangalagaan ng CoC ang mga imbestigador o mananaliksik ng pagsisiyasat na ito mula sa puwersahang paglalantad ng inyong paglahok sa araling ito, kahit kayo man ay subpenahin.

Kahit mayroong CoC na nakatalaga, dapat mo pa rin pangalagaan ang pribadong-buhay ng inyong pamilya. Kung boluntaryo kang nagbigay ng iyong pahintulot sa porma ng kasulatan sa inyong insyurans, kumpanyang pinagtrabahuan, o abogado/manananggol na magkaroon ng partisipasyon sa pananaliksik na ito, 'di-namin maaaring gamitin ang CoC upang 'di-magbigay-alam tungkol sa inyong mga kasagutan.

Saklaw ng Katibayan ng Pagiging Kompidensiyal (Certificate of Confidentiality) mula sa National Institute of Health ang pagsisiyasat na ito. Ang mga tagapangasiwa na sinasaklawan ng Katibayan ay 'di-maaaring ipagbigay alam an inyong identidad sa pamahalaang pederal, estado o sibil, kriminal, administratibo, lehislatibo o anu mang pagkakasakdal, paglilitis, o bilang ebidensiya, halimbawa, kung may subpoena mula sa hukuman, na walang pahintulot mula sa iyo. Pinangangalagaan din ng Katibayan ang mga impormasyon at dokumento, at 'di-maaaring ipagbigay-alam sa mga taong 'di-konektado sa pagsisiyasat, maliban lang kung kinakailangan ng pamahalaang pederal, estado, o lokal (halimbawa pag-ulat ng pang-aabuso sa bata o nakakahawang sakit, subalit 'di-maaring gamitin sa paglilitis pederal, estado, sibil, kriminal, administratibo, lehislatibo o anu pa mang pagkakasakdal, makikita ang iba pang impormasyon sa dulo ng dokumento); kung ikaw ay pumapayag na ipagbigay-alam ang inyong impormasyon, katulad ng gamutang pangmedikal, o kung maaaring gamitin ito sa siyentipikong pananaliksik, na may pahintulot ng regulasyong pederal na sinasaklawan ang pagsisiyasat. Kailangan mong maintindihan na hindi ka hinahadlangan ng Katibayan ng Pagiging Kompidensiyal (Certificate of Confidentiality) mula sa boluntaryong pagbibigay ng iyong pribadong impormasyon at nang iyong pagsali sa pagsisiyasat. Kung nais mong ipagbigay-alam ang inyong mga impormasyon mula sa pagsisiyasat sa ahente ng insiyurans, tagapangasiwa ng pangangalagang pangmedikal, o sino na 'di-konektado sa pagsisiyasat na ito, kinakailangang magbigay ka ng inyong pahintulot. Hindi hinahadlangan ng Katibayan ng Pagiging Kompidensiyal (Certificate of Confidentiality) na ipagbigay-alam sa batas pederal, estado, o lokal kung mabatid na mayroong impormasyon tungkol sa pang-aabuso sa bata, o nagbabanta ka na saktan ang iyong sarili o ibang tao.

Maaari ninyong i-print ang pahinang ito upang magkaroon kayo ng sangguian.
Maraming salamat sa inyong paglahok. Mahalo!

Oo, Pumapayag ako
Hindi, HINDI ako pumapayag

Seksyon B – Pang-unawa sa mga Panganib

“Pananakit na Seksuwal” at “Seksuwal na panliligalig” ay ang mga iba’t ibang maselang kaugalian kung saan ‘di binibigyan ng pahintulot o pagpayag ninuman ang isang tao na kayo lapastanganin. Kabilang sa mga kaugaliang ito ay ang pagpuna tungkol sa panlabas na anyo o patuloy na paghingi ng seksuwal na pabor. Kabahagi rin nito ay ang mga puwersahang pagbabanta upang sapilitang makakuha ng aktong seksuwal katulad ng puwersahang pagtatalik, paggamit ng bibig sa seksuwal na pamamaraan, pagpasok ng ari ng lalaki sa puwit ng kapwa lalaki o babae. Maaaring pasinayaan ang mga aktong ito nang kilala o ‘di-kilalang katauhan, kasama na rin nito ang mga taong may apinidad o karelasyon.

Ang mga sumusunod ng mga tanong ay tungkol sa inyong pang-unawa sa mga panganib dulot ng pananakit na seksuwal o seksuwal na panliligalig.

Seksyon C – Mga Dulugan

Ang mga tanong na ito ay tungkol sa mga serbisyo at dulugan na binigay ng pamantasan o unibersidad sa mga taong nakaranas ng pananakit na seksuwal o seksuwal na panliligalig.

Seksyon D – Seksuwal na Panliligalig

Ang mga katanungang ito ay tungkol sa karanasang may relasyon sa seksuwal na panliligalig.

Seksyon E – Pagsubaybay nang Palihim

Ang mga sumusunod na katanungan ay tungkol sa mga pagkakataong ikaw ay natakot o nabalisa sa kadahilang may ibang taong ‘di-wasto ang pakikitungo sa iyo.

Seksyon F – Karahasang domestiko Karahasan sa mga taong malapit sa iyo

Sa isang bahagi ng pagsisiyasat, sinabi mo na ikaw ay may karelasyon sa mga panahon na ikaw ay mag-aaral ng UH. Ang mga susunod na katanungan ay tungkol sa inyong relasyon at mga naging karelasyon.

Ang mga ito ay:

- Asawa (kasal, pagsasamang sibil, kabiyak o kasama sa tahanan)
 - Kasintahan (mapalalaki man o mapababae)
 - Karelasyong pang-matagalan
 - Karelasyong seksuwal
-

Seksyon G – Pagkakaroon ng Seksuwal na Pakikitungo nang walang pahintulot

Ang seksyon na ito ay mga tungkol sa mga karanasan kung saan ikaw ay nagkaroon ng seksuwal na pakikitungo nang walang pahintulot habang ikaw ay mag-aaral sa UH. Ang taong ito na nagkaroon ka ng seksuwal na pakikitungo nang walang pahintulot ay maaaring kilala mo, karelasyon noon o ngayon (kabilang ang iyong asawa), kasama sa trabaho, guro o kawaksing-guro, kamag-anak, kaibigan, lider ng relihiyon/pananampalataya. Maaari din na ‘di mo kilala ang taong ito. ‘Di-nililimitahan ang mga karanasang ito nang dahil sa kasarian.

Tatanungin kayo tungkol sa dalawang uri ng seksuwal na pakikitungo nang walang pahintulot: pagtatalik na may pagpapasok ng ari at pagtatalik na walang penetrasyon

Mga halimbawa ng pagtatalik ng may pagpapasok ng ari:

- Penetrasyong seksuwal: ang pagpapasok ng ari ng lalaki, mga daliri o bagay sa loob ng ari ng babae o tumbong ng babae o kapwa lalaki
- Pambibig na pagtatalik: ang pagpapasok ng dila o paggamit ng bibig nang isa tao sa ari ng babae, ari ng lalaki o tumbong ng babae o kapwa lalaki
- Nasasaklawan nito ang mga sitwasyon o akto kung saan puwersahan o sapilitan ang pakikipagtalik gamit ang bibig, pribadong parte o mga maselan bahagi ng katawan.

Mga halimbawa ng pagtatalik na walang penetrasyon:

- Paghalik sa iyo o halikan
- Paghawak sa iyong suso, dibdib, pundiya, singit, hita o puwit
- Pagdakma, paghipo o paghaplos sa iyo sa pamamaraang seksuwal, kahit ikaw ay nakadamit

Ang susunod o mga sumusunod na katanungan ay tungkol sa mga pangyayari kung saan naranasan mo ang isang **penetrasyong seksuwal** nang walang pahintulot habang ikaw ay nag-aaral sa UH. Kung maaari, huwag isama ang mga insidente kung saan ikaw ay nakaranas ng pagtatalik **na walang penetrasyon** nang walang pahintulot. Magkakaroon ng panahon kung saan ang mga tanong tungkol sa pagtatalik **na walang penetrasyon** matapos ang mga katanungang ito.

Seksyon I – Pananaw sa mga Tugon sa iyo habang inuulat ang mga pangyayari

Ang mga sumusunod na pahayag ay mga bagay-bagay na maaaring mangyari kung ikaw ay mag-sumbong tungkol sa pananakit na seksuwal o seksuwal na panliligalig sa isang opisyal ng UH. Gamitin ang panimbang upang isaad kung anu-ano sa iyong palagay ang maaaring mangyari.